2017 CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE

# “Sa Pagitan ng Sabaw ng Chaolong at Hilab ng Tiyan”

(Title Entry)

Filipino Division

Category: Maikling Kuwento

SYNOPSIS:

Isang madaling-araw, nagising si Ryan dahil sa hilab ng tiyan. Naputol tuloy ang panaginip niyang kasama si Kris Aquino at si Bimby. Basag ang naging dumi ni Ryan. Ang suspetya niya ay dahil iyon sa nainom niyang free taste ng 8 in 1 diet coffee sa grocery store. Made in Thailand daw iyon at mainam na pang-diet at pang-detoxify, ayon sa promo girl na kamukha ni Matet de Leon.

Pagkatapos tumae ni Ryan, nanood muna siya ng TV para muling magpaantok. Programa ni Pastor Quiboloy ang pinanood niya. Iyon lang kasi ang meron sa madaling-araw, kapag hindi ka naka-cable, bukod sa home tv shopping. Ngunit siya’y nabigo pa ring magpadapo sa antok. Napagpasyahan ni Ryan na lumabas ng bahay upang magpahangin muna at manigarilyo. At dito niya unang nakita si Rhea na kumakain ng chaolong noodles mula Palawan. Bagong lipat lang si Rhea sa katabing apartment unit nina Ryan. Agad siyang nabighani sa angking ganda ni Rhea. Nagkuwentuhan sila at nagkapalagayan ng loob. Ikinuha pa ni Rhea si Ryan ng chaolong. Nasarapan si Ryan dito. Iyon na raw ang pinakamasarap na noodles na natikman niya sa buong buhay niya. Ayos na sana ang lahat, ngunit nagulat si Ryan sa pabor na hiningi sa kanya ni Rhea: nagpapasama itong magtapon ng kuting nang madaling-araw ding iyon.

I.

NAG-UMPISA ang lahat nang magising ako isang madaling-araw na humihilab ang tiyan. Natatae ako. Dahil madilim pa at patay ang ilaw, kinapa ko ang paligid ng kama upang matunton kung nasaan ang cellphone ko para matignan kung anong oras na ba. Nawala na sa isip ko kung saan ko ito naipatong bago ako natulog kagabi. Ang kaliwang kamay ko ang nakasalat sa cellphone. Nasilaw ako sa ilaw ng cellphone nang buksan ko. Nang maka-adjust na ang mata ko sa liwanag, nakita ko na rin kung anong oras na ba. 3:00 AM. Eksaktong-eksakto.

Gamit ang ilaw ng cellphone, tumayo ako, nagsuot ng tsinelas, at binuksan ang switch ng ilaw ng kuwarto. Napapikit na naman ako dahil sa liwanag ng fluorescent light. Bago ako nagtungo sa kubeta ay dinampot ko muna ang de-kuryenteng pampatay ng lamok na hugis raketa ng tennis. Nakapatong ito malapit sa TV. Malamok sa banyo.

Habang nakaupo sa inodoro, ni-review at pinagnilayan ko kung ano ba ang mga nakain at nainom ko kahapon at natae ako ngayong madaling-araw. Noong una'y wala akong maisip na kakaiba. The usual pancit canton at corned beef lang naman ang inulam ko. Siguro kumain lang ako nang marumi ang kamay sabi ko sarili ko. Sa gitna ng paghuhugas ng puwet, naisip ko kung ano ang salarin. Ang ininom kong free taste na 8 in 1 coffee sa tapat ng Abad Supermarket sa Imus! Isang made in Thailand na kape na sinusubukang makapasok sa Philippine market. Nalimutan ko na kung ano ang pangalan. Hindi raw iyon basta kape ayon sa promo girl na hawig ni Matet de Leon. Diet coffee raw iyon at pang-detoxify. Iniinom daw iyon ng mga artista sa Thailand. Nag-isip ako kung sino ba ang mga artista sa Thailand habang hinihigop ang mainit na kape. Wala akong kilala bukod kay Tony Jaa, ang artistang gumanap na Ong-Bak.

“Ah... gaya ni Tony Jaa?” sabi ko sa promo girl na hawig ni Matet. Gusto kong magmukhang matalino sa harap niya. Ayoko namang isipin niyang wala akong kilala.

Napakunot lang ng noo ang promo girl. Hindi niya siguro kilala si Tony Jaa. Sobrang ganda ng Ong-Bak. Bestseller iyon noon sa mga dibidihan sa palengke. Ipinaliwanag na lang niya sa akin kung ano ang mga sangkap ng 8 in 1 kaya ito tinawag na 8 in 1. Ngunit wala akong naintindihan sa pinagsasabi niya. Lumilipad ang isip ko no’n sa mga paborito kong eksena sa Ong-Bak. Paborito ko ‘yung tumalon siya sa nakarolyong barbwire nang hindi sumasayad.

Isa sa mga pinaka-hassle na puwedeng maranasan ng isang tao ay ang magising sa madaling-araw para lang tumae. Naputol tuloy ‘yung panaginip ko. Ang weird nga, e. Kinakain ko raw ‘yung puday ni Kris Aquino habang nagba-violin si Bimby sa gilid ng kuwarto. Huwag ninyo akong husgahan, crush ko noon si Kris Aquino no’ng bata pa ako. Ang ganda kaya niya noon sa Pido Dida. Saka doon sa Magic To Win 5. Hongkong film ‘yun. Aso ang ka-loveteam ni Kris.

Basag ang tae ko nang lumabas, taeng burubos ang kinalakihan kong tawag doon. Kailangan ko lang ilabas ang lahat nang ito. Hindi pa kailangan magpa-check-up. Kakain na lang ako ng maraming saging bukas para mabuo ang jebs ko. Mainam daw ang saging para mag-form ang jebs, napanood ko sa Salamat Dok. Nakapatay naman ako ng limang lamok gamit ‘yung de-kuryenteng raketa. Natanggap ko ‘yun sa exchange gift last December. Very useful siya. Bilihin niyo ‘yung tsina-charge para hindi magastos sa baterya.

Sinubukan kong bumalik sa pagtulog pagkatapos kong umebak. Ngunit nabigo lang ako. Ang hirap makatulog kung ang butas ng puwet mo ay pumupintig-pintig pa dahil kakatapos mo

lang tumae. Sinindi ko muna ang TV upang magpadapo sa antok. Home TV Shopping sa channel 2 at The Kingdom of Jesus Christ ni Pastor Apollo Quiboloy sa channel 37 na lang tanging palabas. Dukha kami, wala kaming cable. Ang programa ni Quiboloy ang pinanood ko. Ang gaganda ng mga miyembro ng choir niya. Mga tisay at mukhang may lahi. Pinagpantasyahan ko sila. Pagkatapos kong labasan at ipahid ang tamod sa kumot ay hindi pa rin ako dinalaw ng antok. Tiningnan ko uli ang oras sa cellphone. 3:32 AM pa lang. Kinuha ko ang kaha ng yosi at lighter saka lumabas ako ng bahay.

Lalong nawala ang nalalabi kong katiting na antok nang makita ko ang isang magandang babae na kumakain ng noodles sa labas ng katabi naming apartment unit. Ang ganda niya, para siyang choir ni Quiboloy. Kakaiba ‘yung itsura ng kinakain niyang noodles. Hindi gaya ng instant noodles na nakasanayan ko. Wala ang bakas ng amoy ng Maggi at Lucky Me. Para siyang diwata na may usok-usok effect pa mula sa mainit na noodles na kinakain niya. First time ko siyang nakita, bagong lipat siguro.

Nginitian ko siya. Kapiraso lang, baka isipin niya feeling close ako. Sinuklian naman niya ako ng ngiti at paggalaw ng kilay. Hindi ako nagsindi ng yosi, baka ma-turn-off siya.

“Kain tayo,” alok niya sa akin. Second nature na sa atin ang mag-aya at mag-alok ng pagkain kapag tayo’y kumakain. Sexy ang timbre ng boses niya. Medyo paos. Mahaba ang buhok niya pero hindi lalagpas ng siko.

“Sige, salamat,” magalang na pagtanggi ko sa kanya habang pinapasok sa bulsa ang kaha ng yosi. “Bagong lipat kayo?” dagdag ko.

Tinapos niya muna ang paghigop sa sabaw bago nagsalita. “Oo, tatlong araw pa lang ako dito.”

Inulit ko sa utak ko ang sinabi niya: “Oo, tatlong araw pa lang ako dito.”

Napalunok ako nang marinig ko ang salitang ‘ako’. “Ikaw lang mag-isa?” paglilinaw ko.

Tumango siya.

“Hindi kasi ako palalabas ng bahay. Ngayon lang kita nakita,” paliwanag ko sa kanya kahit hindi naman niya tinatanong.

“Tuwing madaling-araw ka lang ba talaga lumalabas? Ano ka, pusher? Bampira? Riding in tandem? Si Batman? Ingat ka, baka ma-tokhang ka,” biro niya.

Tinawanan ko syempre ang biro niya kahit hindi naman gaanong nakakatawa. “Online lang kasi ang trabaho ko. Nagtuturo ako ng english sa mga Koreano. Kaya bihira lang akong lumabas. Hindi naman kailangan.” Nakatingin siya sa aking mga mata habang nagsasalita ako. Nakaka-tense tuloy. Hindi ako makatingin nang diretso sa kanya. Ang ganda kasi niya.

Tumango-tango siya, ina-absorb ang sinabi ko. “Kakatapos mo lang bang magturo?”

“Hindi naman,” sagot ko. Nagdalawang-isip ako kung sasabihin ko ba sa kanya ang totoo kung bakit ako gising ngayon. Pero sinabi ko na rin para mapatawa ko siya. “Na-jebs ako ngayon kaya nagising ako. Ang hassle, di ba!” pag-amin ko sa kanya sabay bungisngis.

At natawa siya. “Ang hassle nga niyan. Naputol tuloy tulog mo.”

“Oo nga. Badtrip talaga.”

“May LBM ka?”

“Oo. Basag siya, e.”

“Higop ka ng sabaw, meron pa sa loob, mainam ‘to sa tiyan. Kuha kita.”

“Naku, ‘wag na,” tanggi ko.

Siya rin ang nasunod, ikinuha niya ako ng noodles sa kusina. Gusto ko rin naman ‘yun, nagpakipot lang ako. Chaolong daw ang tawag sa noodles na iyon. Uwi niya mula sa Puerto Princesa, Palawan. Iyon na ang pinakamasarap na noodles na natikman ko sa tanang buhay ko. Walang sinabi ang Maggi at Lucky Me. Ipinaliwanag niya sa akin na Vietnamese cuisine ang chaolong, naging ressetlement area raw ng mga Vietnamese ang Puerto Princesa noong magkagiyera sa bansa nila noon, kaya maraming Vietnamese restaurant sa Puerto Princesa. Hanggang sa matuto na rin ang mga taga Palawan kung paano magluto ng chaolong, napamahal na rin sila sa lasa nito. Hindi mahirap mahalin ang chaolong. Paglipas ng panahon, unti-unting nawala ang mga Vietnamese sa Palawan. Natira na lang ang mga nakapangasawa ng Pinoy. Nawalan man sila, nanatili pa rin ang chaolong.

“Teka, ano nga pala ang pangalan mo?” tanong ko sa kanya habang sarap na sarap sa chaolong. “Ako pala si Ryan.”

“Rhea pangalan ko.”

“Lea?”

“Hindi. As in *Rhea Rubbing Alcohol*.”

“Ah... hindi lang pampamilya, pang-isports pa,” joke ko.

“Sa *Family Rubbing Alcohol* ‘yung tagline na ‘yun.”

“Nice to meet you.” Nag-shake hands kami. Mas malambot ang kamay ko sa kanya.

Natuwa ako at naging maganda ang kuwentuhan naming dalawa. Tubong Puerto Princesa raw talaga siya. Doon na siya nagkamalay at lumaki. Nandito lang siya sa Cavite para mag-ayos ng papeles sa Maynila. Mag-aabroad siya. Kuwait. Wala siyang makitang murang bahay sa Maynila kaya dito siya napadpad sa Cavite. Tutal malapit lang naman. Naninibago raw siya sa lugar kaya nahihirapan siyang makatulog, kaya gising pa siya hanggang ngayon. Namamahay, ika nga nila. Hindi rin siya sanay na matulog na may naririnig na mga sasakyan sa labas.

“Taga probinsya ka pala,” wika ko, “kaya pala friendly ka at hindi takot sa strangers na tulad ko. Pina-chaolong mo pa ako.”

Napahawi siya sa buhok, nakangiti. “Probinsya pa rin naman ‘tong Cavite, ah?”

“Pero at least malapit sa Maynila,” depensa ko. “Ingat ka sa Maynila. Alerto ka dapat lagi doon. Ilagay mo lagi ‘yung bag mo sa harap mo.”

Mabilis kong naubos ang masarap na chaolong. Naunahan ko pa siya. Gusto ko pa sana kaso ubos na raw. Sayang naman, napamahal na sa akin ang chaolong. Masaya na rin ako at nagising ako nang madaling-araw na iyon. Nagkaroon ako ng bagong kaibigan. Pero nagulat lang ako sa pabor na hiningi niya sa akin. Medyo weird... pero ayos lang.

“Samahan mo naman ako, Ryan, na magtapon ng kuting,” mahinhing wika niya.

“Ha? Bakit?”

Ikinuwento niya na may mag-inang pusa na laging pumapasok sa apartment unit niya. Tumatae pa raw sa loob. Sobrang baho. Lagi ring nakaabang sa ulam niya. Hindi naman puwedeng laging nakasara ang pinto at mainit ang panahon, paliwanag niya. Pina-describe ko sa kanya ang inahing pusa. Kulay orange daw na may puti sa buntot. Agad ko itong nakilala, ito ang alagang pusa ng dating nangungupahan sa unit niya. Iniwan.

"Kaya pala feel at home sa loob 'yung mga pusa." Pinagpatong niya ang dalawang mangkok. Naubos na rin niya ang chaolong niya. "Saan kaya magandang iligaw 'yung kuting? Hindi ko pa alam ang lugar dito, e," tanong niya.

Napaisip ako saglit. "Sa bukid na lang, sa may NIA Road."

"Sige," tumayo siya at ipinasok sa loob ang mangkok at kutsara. Napasulyap ako sa likurang bahagi ng hita niya habang naglalakad siya papasok sa loob. Puro bakat ito ng disenyo at pattern ng monobloc chair. Halos ma-hypnotize ako sa mga linya at sa kaputian ng hita niya.

"Kailan ba natin itatapon?" tanong ko.

Lumingon siya. "Gusto ko sana ngayon na. Okay lang ba?"

"Sige, ayos lang." Hinintay ko muna siyang pumasok bago ako napakamot sa ulo. Walang kalaman-laman ang loob ng unit niya. Sabagay saglit lang naman siya rito.

Ayaw ko naman talagang itapon 'yung kuting dahil naaawa ako. Pero gusto ko pang makasama si Rhea nang matagal. Ayaw ko ring biguin siya. Hindi ko naman pwedeng hingiin 'yung pusa kasi may hika si nanay.

Mahimbing na natutulog ang kuting katabi ng kanyang ina. Dahan-dahan kong kinuha ang kuting. Pero kahit anong ingat ko, nagising pa rin ang inahin. Nagpalitan ng malumanay na pag-ngiyaw ang mag-inang pusa. Tumayo ang inahin mula sa kanyang pagkakahiga. Nag-unat ng katawan. Hinagisan ni Rhea ng pritong ulo ng isda ang inahin para malihis ang atensyon nito. Agad nitong tinangay ang ulo ng isda at kinain sa may gilid. Mabilis kaming umalis ng compound. Wala kamalay-malay ang inahing pusa na hindi na niya muli makikita ang kanyang anak.

At tinahak namin ang daan papuntang NIA Road. Ang malawak na palayan doon. Saka na raw poproblemahin ni Rhea ang inahing pusa, itong kuting muna raw, ito raw ang madalas tumae sa loob ng bahay. Ngayon na lang uli ako nagawi doon sa NIA Road. Noong bata pa ako, madalas kaming maglaro doon at manghuli ng tutubi. Tutubing-karayom lang ang kaya kong hulihin kasi mabagal.

Pinili kong iwan ang kuting malapit sa kumpol ng mga bahayan sa NIA Road. Para mataas ang tsansa na may mag-adopt at mag-alaga sa kanya. Tiningnan ko si Rhea habang binababa ko ang kuting. Wala akong nakitang bahid ng pagkakunsensya sa mga mata niya. Bahagi na ba talaga ito ng kultura natin?

May nasalubong kaming magtataho sa looban ng NIA Road. Nilibre ko si Rhea. Naupo kami sa isang putol na sanga ng puno ng mangga. Ininom namin ang taho habang pinapanood ang pagsikat ng araw. Napalingon ako kay Rhea. Tumatama sa kanyang pisngi ang sinag ng araw na lalong nagpaganda sa kanya. Hindi ako nagkamali sa pagsama sa kanya. Parang eksena sa obra ni Amorsolo. Hindi ko alam kung saan siya mas maganda, kapag nakaharap ba o kapag naka-sideview. Wala pinipiling anggulo ang kagandahan ni Rhea. Hindi ako makapaniwala na

may kasama akong babaeng ganitong kaganda. Totoo bang kasama ko siya o isa siyang diwatang ayaw sa mga pusa?

“Ano’ng FB mo? Add kita,” huling tanong ko sa kanya pagbalik namin sa compound, bago kami pumasok sa kani-kaniyang pinto.

“Rhea Cabaral. May letter H iyong Rhea, ha.”

Itinatak ko sa isip ko ang pangalan niya. “Okay, tulog na tayo.”

“Salamat sa pagsama sa akin.” Nag-thumbs up siya sa bago tuluyang pumasok ng pinto.

Pumasok na rin ako sa amin. Na-miss ko na agad siya pagkasara ko pa lang ng pintuan namin. Hindi pa nga lumalapat. Gusto ko na agad siyang makita.

II.

ALA-UNA na ng hapon ako nagising. Naligo agad ako, nagsipilyo, naghilod ako maigi gamit ang buhay na bato na panghilod ni nanay na nakuha niya sa batis sa Silang, Cavite. Dapat presentable ako kapag nakita ko si Rhea. Mabango. Maayos na shorts at t-shirt na panlakad ang sinuot ko. Hindi na muna ako kumain. Mas higit ang pagnanasa kong masilayan si Rhea kesa ibsan ang namumuo kong gutom. Kaluluwa ko ang binubusog ni Rhea. Higit na importante ‘yun kesa sikmura.

Buong sigla akong lumabas ng bahay. Sarado ang pinto ng unit ni Rhea. Naglakas-loob akong kumatok. Tatlong malumanay na katok. Walang sumagot. Baka tulog pa siya, sa isip-isip ko. Napagod siguro no’ng nagtapon kami ng kuting. Lumapit sa akin ang inahing pusa, kumiskis

sa binti ko, naglambing. Hinayaan ko siyang gawin ito nang ilang sandali. Saka ko siya tinabig palayo. Baka mangamoy pusa ako, kakaligo ko lang. Kumatok uli ako. Apat na katok. Medyo malakas na. Wala pa ring Rhea na sumagot.

Sumilip ako sa bintana ni Rhea. Nakatali ang kurtina ng kanyang bintana kaya kita ang loob. Madilim. Pinakinggan ko maigi kung may tunog ng makina ng electric fan na nakasindi. Nag-concentrate. Wala akong narinig na huni ng electric fan. Imposibleng hindi siya gagamit ng electric fan ngayon, summer, napakainit ng panahon. Wala namang aircon dito sa apartment.

Bumalik ako sa amin. Daing na isda ang ulam. Kaunti lang ang nakain ko. Nawalan ako ng gana. Napatingin ako wallclock kung saan may larawan ni konsi na naka-thumbs up. Oras na ng session ko sa aking Korean student. Napatakbo ako pataas sa kuwarto para mag-online. Choi ang pangalan ng estudyante ko. 9 years old. Mabait siyang bata, madaling turuan. Isang oras ang session namin kada araw. Adjective ang lesson namin ngayon.

Matapos kong turuan si Choi ay inamoy ko ang hininga ko. Hindi naman amoy daing. Mahirap na kasi baka maamoy ni Rhea. Buti na lang walang amoy. Pero nagsipilyo na lang uli ako bago lumabas para sure. Medyo mahina kasi ang pang-amoy ko.

Nagtungo uli ako sa unit niya. Sarado pa rin ang pinto at walang senyales ng buhay sa loob. Pinakinggan ko uli kung may huni ng bentilador. Wala pa rin. Kumatok pa rin ako sa pinto kahit alam kong walang sasagot.

Nagkakalkal ng basurahan ang inahing pusa. Nagugutom na siguro. Nakakaawa. Pinagmasdan ko ang mga mata niya. Mukhang malungkot. Nami-miss na niya siguro ang anak niya. Gaya ng pagka-miss ko kay Rhea ngayon. Kumuha ako ng dalawang slice ng Gardenia sa

kusina namin at ipinakain ko sa pusa. Sana mapatawad mo ako, naging instrumento ako sa pagiging desaparecido ng iyong kuting.

Matamlay akong bumalik sa amin. Nagkulong sa kuwarto. Hinubad ko ang suot kong panlakad na t-shirt. Hinanger ko uli. Sayang naman, baka mapawisan ko lang. Isusuot ko na lang uli pag nandyan na si Rhea. Pambahay na t-shirt muna ang sinuot ko, lumang college PE t-shirt na Blue Corner.

Nahiga ako sa kama. Sinearch ko siya sa Facebook. Rhea Cabaral. May letter H ang Rhea. Nahanap ko naman agad ang account niya. Agad niyang in-accept ang friend request ko. Aba, naka-online. Nalaman ko sa latest post niya na nasa Ermita pala siya ngayon, sa agency na inaapplyan niya. Ang tanga ko, bakit hindi ko naisip 'yun. Ni-like ko ang status niya. Sunod ay nagbabad ako sa photo section ng timeline niya. Ang ganda ganda talaga niya. Batay sa mga datos ng kanyang FB account, wala siyang boyfriend. Dahil taga Puerto Princesa siya, may mga larawan din siya sa beach ng Coron at El Nido. Pero sa totoo lang, mas maganda pa siya sa Coron. Medyo conservative siya dahil naka-tshirt siya kung mag-swimming. Gusto ko nga 'yun. Pinigilan ko ang sarili ko na i-chat siya, ayoko namang isipin niya na clingy at papansin ako.

Alas-diyes ng gabi nang huli akong sumilip sa unit niya. Sinuot ko uli 'yung panlakad na damit ko. Wala pa rin siya. Grabe, nagpakagabi na siya. Nag-online uli ako para tingnan ang timeline niya. Nag-aalala na ako na parang isang boyfriend, natawa na lang ako sa sarili ko. Picture ng ticket sa sinehan ang huling post niya. Nanood siya ng sine mag-isa sa Robinsons Ermita. Hindi ko na muna ni-like ang picture. Bukas na lang. Natulog ako nang may lumbay at pag-aalala na nararamdaman. Nagdasal ako na sana ay makauwi siya nang matiwasay at ligtas.

Nag-set na lang ako ng alarm na 3:00 AM. Baka sakaling nakatambay uli siya ng ganoong oras sa labas ng unit niya.

III.

HILAB ng tiyan na naman ang gumising sa akin. Nauna pa nga ako sa alarm. 2:33 AM ako nagising. Medyo malambot pa rin ang dumi ko pero hindi na burubos. Nag-improve na kahit papaano. Nalimutan ko palang mag-saging therapy kahapon dahil sa pag-aalala kay Rhea. Matindi talaga ang epekto ng isang basong 8 in 1 coffee na ‘yun. Muli akong pumunta sa Facebook ni Rhea habang tumatae, baka nag-post siya kung anong oras na siya nakauwi kagabi. Wala akong nakita. Nag-share lang siya ng video ng Paramore. Iyon na ang huling post niya.

Nawala ang pangamba ko nang maamoy ko ang chaolong pagkababa ko sa salas. Pumasok na ang amoy nito sa loob ng namin. Dinala rito ng hangin. Sumuot sa siwang sa ilalim ng pinto. Mga amoy na mapanghalina. Amoy na nagpapahiwatig na nakauwi nang maayos kagabi si Rhea. Nakita ko si Rhea paglabas ko ng bahay. Napa-cartwheel sa tuwa ang puso ko. Nagpalitan kami ng ngiti. May butil-butil na pawis na namumuo sa kanyang noo, dahil na rin sa hinihigop niyang mainit na chaolong.

“Natae ka na naman kaya ka nagising?” biro niya. Spaghetti ang suot niya. Nakapuyod ang kanyang buhok ngayon. Bahagyang nakalitaw ang kaliwang strap ng bra niya sa balikat. Kulay berde.

Hindi ko na sinagot ang tanong niya. Ngumiti lang uli ako. Walang tanong-tanong ay tumayo siya at ikinuha ako ng chaolong sa kusina. Napahinga ako nang malalim. Sumasaya ang araw... este ang madaling-araw ko dahil sa kanya. Tunay na saya.

“Magpa-check-up ka na,” sabi ni Rhea, “baka iba na ‘yan. Lagi ka na lang nadudumi sa madaling-araw.” Inilapag niya sa lamesita ang chaolong na para sa akin. Kumuha rin siya ng monobloc chair sa loob.

Naupo muna ako sa monobloc chair bago sumagot. “Nag-improve naman na ngayon. Hindi na basag.”

“Ikaw ang bahala. Maganda na ‘yung sigurado.”

“Umiinom naman ako ng maraming tubig.”

“Sa araw tumatae ka rin?”

“Oo.”

“Huwag kang iinom ng Diatabs, papabagalin lang no’n ang bowel movement mo, pero ‘yung bacteria nasa tiyan mo pa rin. Maganda ‘yan kung ilabas mo lang nang ilabas,” payo niya. Natutuwa ako sa kanya. Ramdam kong genuine ang pakialam at pag-aalala niya sa akin. “Ano ba kasing nakain o nainom mo kaya ka nagkaganyan?” dagdag niya.

“Palagay ko ‘yung 8 in 1 na kape na ininom ko sa may grocery. Kainis talaga ‘yun.”

“Yan ba ‘yung made in Thailand? Na pang-diet at pang-detoxify, at iniinom daw ng mga artista sa Thailand?”

“Oo! Bakit mo alam?”

“Nakita ko rin ‘yun, e. Pero hindi ako tumikim. Tapos kamukha ni Matet de Leon ‘yung promo girl, di ba?”

Wala na akong naisagot maliban sa pagtawa. Sunod naming pinagkuwentuhan ang naging araw namin, lahat habang humihigop ng sabaw ng chaolong. Ikinuwento niya na hopefully next month ay makalipad na siya papuntang Kuwait, na lubos kong ikinalungkot pero hindi ko syempre ipinahalata sa kanya. Sa mall daw siya magtatrabaho doon bilang sales lady ng Giordano. Ayokong pag-usapan ang paglisan niya, kaya iniba ko na lang ang topic, tinanong ko siya kung saan siya nakabili ng ingredients ng chaolong na kinakain namin ngayon, dahil ang alam ko’y naubos na namin ang chaolong niya kahapon. Sa Robinsons, sagot niya. Sa akin naman nabaling ang usapan, hindi ko syempre kinuwento sa kanya na pinalipas ko ang araw ko sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsilip sa pintuan niya kung nakauwi na ba siya. Hindi ko inilahad sa kanya ang pag-aalala ko sa kanya. Isinalaysay ko na lang ang naging lesson namin ng estudyante kong Koreano. Adjective. Binanggit ko rin na binigyan ko ng Gardenia ang inahing pusa.

Nangangalahati na kami sa aming Chaolong nang magimbal kami sa sunod naming nakita. Naglalakad pabalik sa apartment unit ni Rhea ang kuting na itinapon namin kahapon ng madaling-araw sa palayan ng NIA Road. Tumayo ang balahibo namin ni Rhea. May putik ang kuting sa ilang bahagi ng kanyang katawan ngunit hindi naman siya gano’n karumi. Ibang klase talaga ang radar ng pusa. Sinalubong siya ng kanyang ina. Nagpalitan sila ng ngiyaw sa isa’t isa. Dinilaan siya nito sa buong katawan para linisin at lambingin.

Napamura na lang si Rhea. Ang cute niya pa rin kahit nagmumura. Napatingin siya sa akin. Hinihintay ang sasabihin ko. Ang paliwanag ko.

"Hindi kasi natin isinilid sa sako, kaya natandaan ang pabalik dito," paliwanag ko kay Rhea. "Iyon ang sabi ng mga matatanda, na dapat isako ang ililigaw na kuting para hindi makabalik."

Kaswal na pumasok ang mag-inang pusa sa loob ng unit ni Rhea. Hindi na niya ito nagawang pigilan. Natahimik na lang kaming dalawa. Unti-unting lumamig ang sabaw ng chaolong. Napunit lang ang katahimikan nang umalingasaw ang napakabahong amoy mula sa loob ng unit niya. Amoy tae ng pusa. Nakita ko ang pagkadismaya sa mukha ni Rhea. Pumasok siya sa loob, nakumpirma niyang tumae na naman ang kuting.

"Kuha ka ng sako, Ryan," utos niya sa akin habang itinataboy ang mga pusa palabas ng unit. "Shupi, shupi," sabi niya sa mga ito. Tinutulak niya sila gamit ang kanyang paa.

Medyo nagulat ako sa desisyon niyang itapon pa rin ang kuting. Pumasok ako sa amin at kumuha ng sako. Sako ng bigas. Dinadakot na niya ang tae ng kuting pagbalik ko. Tinatakpan niya ang ilong niya gamit ang laylayan ng kanyang t-shirt. Nakita ko tuloy ang tiyan at pusod niyang napakaputi. Pinilit kong ibaling sa ibang direksyon ang tingin ko ngunit sadyang napakahirap. Napansin niyang nakatingin ako sa tiyan niya. Binitawan niya ang laylayan ng kanyang t-shirt para matakpan ito at tiniis na lang ang baho ng tae ng pusa. Kinuha niya ang sako sa kamay ko. Mabilis niyang isinilid sa loob ang kuting. Hindi magkandatuto ang kuting sa pag-ngiyaw. Animo'y humihingi ng saklolo sa kanyang ina na wala namang magawa.

“Saan pa natin ito puwedeng itapon? Yung malayo,” tanong niya habang binubuhol ang sako. Iba na ang aura niya. Desidido talaga sa gagawin.

Napatingin muna ako sa sahig bago nakasagot. “May alam ako. Napakasukal na lugar talaga. First time ko lang ding pupunta do’n.”

“Tara.” Ni-lock niya ang pinto, naglakad kami palabas.

Binilisan namin ang paglalakad. Ako na ang nagbitbit sa sako. Hindi ko na alam kung anong barangay ang nakakasakop sa lugar na iyon. Naging maputik ang daan dahil umulan kagabi. Ginamit namin ang ilaw sa aming cellphone bilang pantanglaw sa daan. Wala ang buwan o ni isang bituin sa langit para magbigay ng natural na liwanag. Makapal ang kakahuyan, kasing kapal ng putik na kumakapit sa aming tsinelas. Patay ako nito sa nanay ko, tsinelas na pangbanyo ang naisuot ko, nalimutan kong magpalit. Nataranta na kasi ako dahil kay Rhea. Nakaramdam na ako ng uhaw at pagod. Wala kaming dalang tubig. Ayokong magpakita ng kahinaan kay Rhea. Ang hina ng stamina ko dahil kulang sa ehersisyo.

“Puwede na ba dito?” tanong ko kay Rhea. Tumigil ako malapit sa sapa. Gusto ko nang umuwi. “Dito na natin iwan.”

Luminga-linga si Rhea sa paligid. Hindi pa siya kuntento. “Ilayo pa natin, baka makabalik pa ang kuting na ‘yan.”

Wala akong nagawa. Nagpatuloy pa kami sa paglalakad. Siya na ang nauuna sa akin. Nabaliktad na. Ako na ang sumusunod sa mga hakbang niya. Ang bilis niyang maglakad. Paliko-liko ang kanyang tinahak. Minsan kakaliwa, minsan pakanan. Bihira lang ang may dumaan dito kasi hindi pa gano’n kapudpod ang mga damo sa daanan. Sanay na sanay siya sa ganitong lugar

at lakaran dahil laking Palawan siya. Para siyang si Tomb Raider sa liksi niyang kumilos. Hindi ko na napigilang panoorin ang malusog niyang puwet na tumatalbog-talbog  habang naglalakad siya.

Nang makuntento na siya sa layo ng lugar, kinuha niya sa akin ang sako, tinggal ang buhol nito, at inilapag niya sa ilalim ng puno ng makopa na hitik sa bunga. Ngumiyaw ang kuting. Hinahanap ang daan palabas ng sako. Hinawakan ako ni Rhea nang mahigpit sa braso, sa may pulso, at hinila niya ako palayo sa kuting. Kailangan daw naming makaalis agad para hindi kami makita ng kuting at masundan. Kahit ang amoy namin. Bumitaw lang siya sa akin nang lubusan na kaming makalayo at hindi na namin naririnig ang pag-ngiyaw ng kuting. Nangimay ang parte ng braso ko na kanyang mahigpit na hinawakan. Naramdaman ko ang muling pagdaloy ng dugo rito nang ako'y kanyang bitawan.

Nagsimula na kaming maglakad pauwi. Ngunit hindi namin matunton ang daan palabas ng kakahuyan. Para bang paikot-ikot lang kami. Parang paulit-ulit lang ang mga punong nadadaanan namin. Hingal na hingal na ako. Hindi ko na naitago kay Rhea ang kapaguran ko. Tahimik lang si Rhea, hindi nagsasalita.

Unang na-lowbat ang cellphone ko, sumunod naman ang sa kanya after 20 minutes. Wala na kaming ilaw na pantanglaw sa daan. Natatakluban pa ng maitim at malawak na ulap ang buwan. Hindi pa rin nagpakita ng pagkatanranta si Rhea. Patuloy lang siya sa paglalakad. Ako naman, sumusunod lang sa kanya. Hindi na trail ang aming nilalakaran. Damuhan na. Lagpas tuhod na damo. Na-leche na. Naliligaw na talaga kami.

Napunit ng paghikbi ni Rhea ang katahimikan sa kakahuyan. Huminto siya sa paglakad at tinakpan niya ang kanyang mukha gamit ang kanyang mga palad. Tuluyan na siyang napaiyak. Nagulat ako. Nilapitan ko siya at hinimas ang kanyang likod upang siya'y kalmahin. Makinis ang likod niya. Nalulubak lang ang palad ko kapag napapasadahan ang strap ng bra niya sa likod. Aaminin ko, nakaramdam ako ng libog habang ginagawa ito.

Nangyari ang hindi ko inaasahan. Humarap sa akin si Rhea at niyakap niya ako. Nagulat ako syempre no'ng umpisa, kinalaunan ay ninamnam ko na lang ang bawat sandali na nakayakap siya sa akin. Sinaulo ko ang pagkakalapat ng katawan niya sa katawan ko. Ang malambot niyang suso na nakadiin sa dibdib ko. Mula sa likod niya, inilipat ko ang kamay ko sa kurbada ng kanyang bewang. Dahan-dahang nag-init ang katawan ko. Nag-init pati ang likod ng tenga ko. Nabasa ng luha niya ang aking balikat. Patuloy lang ako sa paghimas sa may bewang niya. Bumitaw lang ako sa pagkakayakap no'ng maramdaman kong unti-unti nang tumitigas ang ari ko. Nakakahiya naman kung maramdaman niya iyong tumutusok sa kanyang puson. Kaya bumitaw na ako bago pa mangyari iyon.

"Lakasan mo ang loob mo," wika ko sa kanya, "makakalabas rin tayo."

"Salamat, Ryan, pasensya ka na." Kinalma niya ang kanyang sarili. Pinunasan ang luha at muling naglakad.

Ngiyaw. Narinig namin ang ngiyaw no'ng kuting. Nagkatinginan kami ni Rhea. Sinundan namin ang direksyon ng pinagmumulan ng ngiyaw. Binilisan namin ang paglalakad hanggang sa makita na namin ang aming sarili na tumatakbo. May maliliit nang hiwa ang binti ko dahil sa matatalas na damo. Hindi ko alam kung bakit pero nakaramdam ako ng ligaya nang makita

namin ang kuting na aming iniligaw kanina. Ligayang tulad noong una kong makita si Rhea. Para bang siya na lang ang tangi naming pag-asa. Sinundan namin ang kuting. Ang kanyang maliliit pero siguradong mga hakbang. Animo'y alam na alam niya ang direksyon papalabas ng kakahuyan.

At nakalabas nga kami ng kakahuyan sa tulong ng kuting. Papasikat na ang araw no'n. Alam ko na ang daan pauwi mula rito. Buong pagmamahal at respeto kong binuhat ang kuting na nagsalba sa amin. Tahimik kaming naglakad ni Rhea. Humilab na naman ang aking tiyan kaya binilisan ko ang paglalakad.

Mataas na ang araw nang makabalik kami sa apartment compound. Ang dungis naming dalawa. Nakita kong may maliliit ding mga hiwa ng dahon ang binti ni Rhea. Bago pumasok ng kanyang unit, kinuha sa akin ni Rhea ang kuting. Hindi ko iyon inaasahan. Saka kami nagpaalam sa isa't isa.

Buong araw at gabi akong natulog dahil sa pagod. Alam kong gano'n din si Rhea. Hindi na ako nakapag-online para sa turuan ang estudyante ko. Nagising lang ako nang mapuno na ng ihi ang aking pantog. Umihi ako saglit at uminom ng tubig. Nag-alarm ako ng 3:00 AM bago bumalik sa kama.

IV.

ALARM na talaga ng cellphone ang gumising sa akin at hindi na hilab ng tiyan. Alas-tres ng madaling-araw. Pakiramdam ko'y isang bagong silang na sanggol dahil sa haba nang itinulog ko. Mahigit otso oras. Nakaramdam ako ng gutom. Gusto kong kumain ng chaolong.

Pagkababa ko pa lang ng bahay, sa aming salas, naamoy ko na uli agad ang chaolong na nagmumula sa labas ng bahay, sa unit ni Rhea. Napangiti ako. Marahil ay lumusot na naman ang amoy sa siwang sa ilalim ng aming pintuan. Dito uli itinulak ng hangin. Dahil sa dinanas namin ni Rhea, alam kong lalo pa kaming magiging malapit sa isa't isa.

Ngunit pagkalabas ko ng bahay, wala akong chaolong o Rhea na nakita. Pero naaamoy ko pa rin ang chaolong. Gumuguhit sa ilong ko papunta sa lalamunan. May nakapaskil na *For Rent* sa pintuan ng apartment unit ni Rhea. Nakasulat sa illustration board gamit ang asul na pentel pen. Sulat-kamay iyon ng may-ari ng apartment compound. Kilala ko ang sulat niya. Nangatog ang tuhod ko. Sinakluban ako ng matinding lumbay. Naaamoy ko pa rin ang chaolong.  Bumalik na lang ako sa kuwarto. Nagyosi. Sinindi ang TV. At nanood ng sermon ni Pastor Quiboloy.

Wakas.